

## ABULOY NG PAGMAMAHAL SA KUWARESMA

Sa nakaraang taon ang mundo ay matinding naapektohan sa bagong corona virus at nagkaroon ng pagpili ng mga gawain upang ipagtanggol ang buhay. Sa kasawiang palad, ang mga pinagpilian ay mahirap buhin upang ibahagi ang kagalakan at pighati.

Ang ekonomiya sa mundo ay labis na naapektuhan at ang agwat ng mayayaman at mahihirap ay napalawak. Tinawag ni Papa Fransisko ang agwat na ito na “mas malaking virus”. Sa kanyang general audience sa Agosto 19 sinabi niya, “Dapat din nating pagalingin ang mas malaking virus, at ito ang kawalan ng katarungan sa lipunan, hindi pagkapantay-pantay ng opurtunidad, pagpasintabi, at ang kakulangan sa pagtanggol sa mga mahihina.” Lumalawak ang bilang ng mga tao na isinantabi at kinalimutan. Ang buhay ay pinagtangkaan ng dalawang malaking kadahilanan, ang nakakahawang sakit at malawakang hindi pagkapantay-pantay.

Sa situwasyong ito, ang Simbahan ay nais na maging liwanag ng pag-asa na kumakatawan sa awa ng Diyos, sumusuporta sa mga tao sa halip na hindi pansinin, at itaguyod ang pagkakaisa sa kabutihan.

Ang kuwaresma ay panahon upang isabuhay ang kongkretong awa ng ating Ama. Ang tradisyon ng Kuwaresma sa Simbahan ay tumatawag sa atin upang suriin muli ang ating pananampalataya sa pamamagitan ng panalangin, pag-aayuno at gawaing pagmamahal. Ang Abuloy ng Pagmamahal sa Kuwaresma ay isang malaking gawain ng pagmamahal. Sa loob ng 40 araw, makibahagi sa gawain ng pagmamahal ng Simbahan na may hindi makasariling puso.

Ang inyong abuloy sa Kuwaresma ay isang malaking bahagi hindi lang para sa emerhensiyang pagtulong kung may sakuna, kundi pati na rin sa pagtulong sa krisis ng buhay dito at sa ibang bansa. Ang inyong tulong ay para rin sa pangmatagalang programa gaya ng edukasyon para sa mga katutubong minoridad na mga kabataan sa mahirap na mga bansa at programa sa mga pagsasarili ng mga kababaihan. Ang mga gawain ng Caritas Japan ay sinuportahan ng inyong mga abuloy sa buong taon at one third ng taunang suporta ay galing sa abuloy ng Kuwaresma.

Upang konkretong isabuhay ang awa ng Diyos at bumuo ng pag-asa sa pamamagitan ng pagsuporta sa bawat-isa ng pagmamahal na galing sa ating Ama at nakiusap na suportahan muli sa taon na ito ang Caritas Japan Abuloy ng Pagmamahal sa Kuwaresma.

Miyerkoles ng Abo, Pebrero 17, 2021  
Arsobispo Tarcisio Isao Kikuchi  
Pangulo, Caritas Japan  
Bispo Paul Daisuke Narui  
Bise Presidente, Caritas Japan